# Supplemental Security Income (SSI)

**2008 na Edisyon**

## Unawain ang SSI: Ang SSI Income

### ANO ANG INCOME?

Ang ***Earned Income*** ay mga sahod, mga kita mula sa self-employment (sariling empleyo), at takdang royalties at honoraria, at mga pagbabayad ng sheltered workshop.

Ang ***Unearned Income*** ay lahat ng income na hindi kinita, tulad ng mga benepisyo sa Social Security, mga pensiyon, mga pagbabayad ng Estado para sa kapansanan, mga benepisyo kapag walang trabaho, income sa interes, at pera mula sa mga kaibigan at mga kamag-anak.

Ang ***In-Kind Income*** ay pagkain o shelter na nakukuha mo nang libre o mas mura kaysa sa tunay na halaga nito.

Ang ***Deemed Income*** ay ang bahagi ng income ng iyong asawa na kasama mo sa tahanan, ang iyong (mga) magulang na kasama mo sa tahanan, o ang iyong isponsor (kung ikaw ay isang alien), na ginagamit namin upang kalkulahin ang halaga ng iyong benepisyo sa SSI.

### BAKIT MAHALAGA ANG INCOME SA PROGRAMA NG SSI?

Sa pangkalahatan, kapag mas marami kang income, mas kaunti ang iyong magiging benepisyo sa SSI. Kung ang iyong mabibilang na income ay lampas sa pinapahintulutang limit, hindi ka makakatanggap ng mga benepisyo sa SSI. Ang bahagi ng iyong income ay maaaring hindi maituring na income para sa programa ng SSI.

### ANONG INCOME ANG HINDI ISINASAMA PARA SA SSI?

Ang mga halimbawa ng mga pagbabayad o mga serbisyo na **hindi** namin itinuturing na income para sa programa ng SSI ay ang mga sumusunod, ngunit hindi natatakda dito:

- ang unang $20 bawat buwan ng halos lahat ng income na natatanggap sa isang buwan;
- ang unang $65 ng mga kita at kalahati ng mga kita na higit sa $65 na natanggap sa isang buwan;
- ang halaga ng food stamps;
- income tax refunds;
- tulong sa enerhiya sa tahanan;
- tulong batay sa pangangailangan na pinondohan ng isang Estado o lokal na gobyerno;
- mga kaunting halaga ng income na natatanggap nang hindi regular o nang hindi madalas;
- interes o dividends na kinita sa mga maisasamang pag-aari o mga pag-aari na hindi kasali sa ilalim ng ibang mga Pederal na batas (may bisa sa ika-1 ng Hulyo 2004);
- grants, scholarships, fellowships o mga regalo na ginamit para sa gastos sa matrikula at edukasyon (may bisa mula ika-1 ng Hunyo 2004);
- pagkain o shelter batay sa pangangailangan na ibinigay ng mga ahensiyang nonprofit;
- mga pautang sa iyo (pera o sa ibang paraan) na kailangan mong isauli;
- pera na ibinayad ng iba upang bayaran ang iyong mga gastos para sa mga bagay maliban sa pagkain o shelter (halimbawa, isang taong magbabayad ng iyong mga telepono o medikal na singil);

- income na itinabi sa ilalim ng isang Plan to Achieve Self–Support (PASS). Tingnan ang SSI Spotlight sa **Plans to Achieve Self–Support**;
- mga kita hanggang $1,550 bawat buwan hanggang sa pinakamalaki na $6,2400 bawat taon (may bisa mula Enero 2008) para sa isang estudyante na wala pang 22 taong gulang. Tingnan ang SSI Spotlight sa **Student Earned Income Exclusion** (**Eksklusyon ng Kita na Kinita ng Estudyante**);
- ang halaga ng mga gastos sa trabaho na may kinalaman sa kapansanan para sa mga bagay o mga serbisyo na kailangan ng isang taong may kapansanan upang makapagtrabaho. Tingnan ang SSI Spotlight sa **Impairment–Related Work Expenses** (**Mga Gastos sa Trabaho na May Kinalaman sa Kapansanan**);
- ang halaga ng mga gastos sa trabaho na ginagastos ng isang bulag upang makapagtrabaho. Tingnan ang SSI Spotlight sa **Special SSI Rule for Blind People Who Work** (**Tanging Patakaran ng SSI para sa mga Bulag na Nagtratrabaho**);
- tulong sa malubhang pangyayari;
- ilang mga eksklusyon sa mga pagbabayad ng Indian trust fund na ibinabayad sa mga Amerikanong Indian na mga miyembro ng isang tribong kinikilala ng pederal na gobyerno.

## PAANO NAAAPEKTOHAN NG IYONG INCOME ANG IYONG BENEPISYO SA SSI?

Ika-1 Hakbang: Ibabawas namin ang anumang kita na hindi namin isinasama mula sa iyong kabuuang gross income. Ang natitirang halaga ay ang iyong "income na maaaring isama".

Ika-2 Hakbang: Ibabawas namin ang iyong "income na maaaring isama" mula sa SSI Federal benefit rate. Ang resulta ay ang iyong buwanang benepisyo sa SSI tulad ng sumusunod:

1) Ang iyong Kabuuang Income
- Ang iyong income na hindi namin isinasama
= Ang iyong income na maaaring isama

2) SSI Federal benefit rate
- Ang iyong income na maaaring isama
= Ang iyong Pederal na benepisyo sa SSI

## ANG SUMUSUNOD NA MGA HALIMBAWA AY BATAY SA MGA SAMPOL NA HALAGA NG DOLYAR:

### HALIMBAWA A – SSI Federal Benefit na may UNEARNED INCOME

Kabuuang buwanang income = $300 (benepisyo sa Social Security)

| | | |
|---|---|---|
| 1) | $300 | (benepisyo sa Social Security) |
| | -20 | (hindi kasama) |
| | =$280 | (income na maaaring isama) |
| 2) | $637 | (SSI Federal benefit rate) |
| | -280 | (income na maaaring isama) |
| | =$357 | (benepisyo sa SSI) |

### HALIMBAWA B – SSI Federal Benefit na may EARNED INCOME

Kabuuang buwanang income = $317 (Gross wages, walang bawas na mga sahod)

| | | |
|---|---|---|
| 1) | $317 | (Gross wages) |
| | -20 | (hindi kasama) |
| | $297 | |
| | -65 | (hindi kasama) |
| | $232 | kinalahati |
| | =$116 | (income na maaaring isama) |

2) $637 (SSI Federal benefit rate)
-116 (Income na maaaring isama)
=$521 (Benepisyo sa SSI)

### HALIMBAWA C – SSI Federal Benefit at SUPLEMENTO NG ESTADO na may UNEARNED INCOME

Ang mga katotohanan ay tulad ng sa halimbawa A, ngunit kasama ang suplemento ng Estado na ibinigay ng pederal na gobyerno.

1) $300 (benepisyo sa Social Security
-20 (Hindi kasama)
=$280 (Income na maaaring isama)

2) $637 (SSI Federal benefit rate)
-280 (Income na Maaaring Isama)
=$357 (Benepisyo sa SSI Federal)

3) $357 (Benepisyo sa SSI Federal)
+15 (Pagbabayad ng suplemento ng Estado para sa isang taong nakatira mag-isa)
=$372 (Kabuuang Pederal at Estadong benepisyo sa SSI)

### HALIMBAWA D – SSI Federal Benefit at SUPLEMENTO NG ESTADO na may EARNED INCOME

Kabuuang buwanang income = $317 (Gross wages)

1) $317 (Gross wages)
-20 (hindi kasama)
$297
-65 (hindi kasama)
$232 kinalahati
=$116 (income na maaaring isama)

2) $637 (SSI Federal benefit rate)
-116 (Income na Maaaring Isama)
=$521 (Pederal na benepisyo sa SSI)

3) $521 (Benepisyo sa SSI Federal)
+15 (Pagbabayad ng suplemento ng Estado para sa isang taong nakatira mag-isa)
=$536 (Kabuuang Pederal at Estadong benepisyo sa SSI)

Para sa impormasyon tungkol sa kung paano naaapektohan ng iyong sitwasyon ng paninirahan ang iyong benepisyo sa SSI, tingnan ang SITWASYON NG PANINIRAHAN.

## KAILAN UMAAPLAY ANG DEEMED INCOME?

- Kapag ang isang taong kwalipikado para sa mga benepisyo sa SSI ay nakatira kasama ng asawa na hindi kwalipikado para sa mga benepisyo sa SSI, maaari naming isama ang bahagi ng income ng asawa sa pagkalkula ng benepisyo sa SSI.
- Kapag ang isang batang may kapansanan o bulag na wala pang 18 taong gulang ay nakatira kasama ng (mga) magulang, at isang magulang man lamang ay hindi tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI, maaari naming isama ang bahagi ng income ng mga magulang sa pagkalkula ng benepisyo sa SSI ng bata.
- Kapag ang isang alien ay may isponsor, maaari naming isama ang bahagi o lahat ng mga kita ng isponsor sa pagkalkula ng benepisyo sa SSI.

## KAILAN HINDI UMAAPLAY ANG DEEMED INCOME?

- Kapag hindi ka na nakatira kasama ng isang asawa o magulang.
- Kapag ang isang bata na may kapansanan o bulag ay naging 18 taong gulang.
- Kapag tumigil ang sponsorship ng isang alien.

Tingnan ang **MGA PAG-AARI SA SSI** at **SSI PARA SA MGA BATA** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa deeming (pagtitiyak) sa mga bata. At tingnan din ang SSI Spotlight sa **Pagtitiyak ng Income ng Magulang at mga Pag-aari**.

ANG IMPORMASYON NA ITO AY PANGKALAHATANG IMPORMASYON LAMANG. ARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TUMAWAG SA 1–800–772–1213 (TTY 1–800–325–0778), BISITAHIN ANG AMING WEBSITE (www.socialsecurity.gov) SA INTERNET, O MAKIPAG-ALAM SA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA IYONG LUGAR.